ISSN 2672-2879

# CaraBalitaan

Opisyal na tagapamansag ng Philippine Carabao Center para sa National at Regional Impact Zones
Science City of Muñoz, Nueva Ecija | Tomo 6 Blg. 4 | Oktubre-Disyembre 2024

www.pcc.gov.ph
DA-Philippine Carabao Center
oed@pcc.gov.ph



Mga buntis na kalabaw, ipinagkaloob sa kooperatiba ng MBIA

2



Bukas na sa publiko ang 8th Dairy Box sa Rehiyon III

3

## Pamamahala ng NCC, inilipat na sa NCISA

Ni **France Joseph O. Pascual**

***DA-PCC sa NHGP— Opisyal nang inilipat ng DA-Philippine Carabao Center (DA-PCC) ang pamamahala ng National Carabao Conference (NCC) sa National Carabao Industry Stakeholders Association (NCISA) sa ginanap na turnover ceremony noong pagdiriwang ng ika-10 anibersaryo ng NCC noong Nobyembre 13-15, 2024 sa Don Alejandro Quirolgico, Caoayan, Ilocos Sur.***

*Sundan sa p.3*




***#KaDekadangMatatag.** Sa pagkakahawak nina DA-PCC Executive Director III Dr. Liza Battad at NCISA President Joel Atendido ng bandila ng NCC, sumisimbolo ang kanilang matibay na pagkakaisa at dedikasyon sa layunin ng isang maunlad at masaganang pagkakalabawan. Isang hakbang patungo sa mas maliwanag na bukas, kung saan ang bawa't isa ay may bahagi sa tagumpay!*

## Guieb Farm Training and Assessment Center, TESDA certified na!

Ni **Camilla Jane Soliman**

***DA-PCC sa CLSU— Noong Setyembre 17, 2024, opisyal nang kinilala ng Technical Education and Skills Development Authority (TESDA) ang Guieb Farm Training and Assessment Center Inc. (GFTACI) bilang isang certified training center. Ang GFTACI ay nag-aalok ng kursong Animal Production (Ruminants) NC II, na sumasaklaw sa mga core competencies na mahalaga sa mga magsasaka, estudyante, at trainees upang mapahusay ang kanilang kasanayan sa industriya ng paghahayupan.***

Ang TESDA program accreditation ay isang proseso ng sertipikasyon para sa mga educational institution at training center upang sila ay makapagbigay ng pagsasanay at edukasyon. Layunin ng accreditation na matiyak na ang isang

*Sundan sa p.5*

## 50 kalabaw, ibinahagi sa mga magsasaka sa Leyte

Ni **Sunshine T. Sabidalas**

***DA-PCC sa VSU— "Ang tagumpay ng programang ito ay nasa inyong mga kamay."***

Ito ang habilin ng center director ng DA-Philippine Carabao Center sa Visayas State University (DA-PCC sa VSU) na si Francisco G. Gabunada Jr. sa mga miyembro ng Hibunawan Integrated Farmer's Association (HIFA) sa Brgy. Maganhan, Baybay, Leyte matapos silang makatanggap ng 50 gatasang kalabaw noong Oktubre 15, 2024.

Ang inisyatiba ay bahagi ng patuloy na pagsisikap ng gobyerno na suportahan ang mga magsasaka sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga magandang lahing gatasang kalabaw na magpapataas ng produksyon ng gatas at kita sa mga magsasaka.

Ibinahagi ni Jose Carlos L. Cari, mayor ng lungsod ng Baybay, Leyte, ang kanyang mga karanasan sa pagkakalabawan at ipinahayag ang kanyang pagpapahalaga sa mga pagsisikap ng DA-PCC, Philippine Coconut Authority, at iba pang mga katuwang sa pagpapaunlad ng pagkakalabawan.

Binigyang-diin ni Mayor Cari ang positibong epekto ng kabuhayang sa pamumuhay ng mga lokal na magsasaka. Itinampok niya ang kahalagahan ng

*Sundan sa p.4*

# Mga buntis na kalabaw, ipinagkaloob sa ko-operatiba ng MBIA

Ni **Camilla Jane Soliman**



***DA-PCC sa CLSU— Sa kabila ng malakas na pag-ulan na dala ng bagyong Kristine, nagsagawa ang DA-Philippine Carabao Center sa Central Luzon State University (DA-PCC sa CLSU) ng ceremonial entrustment ng 22 buntis na kalabaw at isang bulo para sa Mulawin Bata Irrigators Association, Inc. (MBIA) noong Oktubre 23, 2024 sa Baliwag, Bulacan. Ito ay bilang bahagi ng inisyatiba ni Sen. Cynthia A. Villar na Dairy Herd Build-up Program (DHBP).***

Ibinahagi naman ni Elenita Hernandez mula sa Municipal Agriculture Office ng Baliwag, Bulacan, ang kanyang kagalakan dahil sa wakas ay matatanggap na ng mga magsasaka ang kanilang mga kalabaw. Kanya ring pinasalamatan ang DA PCC sa CLSU sa tiwalang ibinigay sa kanila at makakaasa silang buong responsibilidad nilang aalagaan nang mabuti ang mga kalabaw dahil malaki ang magiging pakinabang nito para sa kanila.

Ayon kay Dr. Reinalyn Quinaquin, Veterinarian I ng City Agriculture Office ng Baliwag, Bulacan, na handa ang Provincial Veterinary Office na tulungan ang mga magsasaka sa pagpapanatili ng kalusugan ng mga kalabaw. Dagdag pa niya, ang mga ipinagkaloob na kalabaw ay magbibigay ng karagdagang kita upang suportahan ang pang araw-araw na pamumuhay ng mga magsasaka.

Binigyang-diin naman ni Rebecca Ruby Gabriel, head of Carabao-based Enterprise Development program ang kahalagahan ng kooperasyon sa kanyang naging pangwakas na pananalita. “Sana maging maayos ang inyong pag-aalaga sa mga kalabaw dahil kung hindi sa kooperasyon ng Local Government Unit at DA-PCC sa CLSU at sa inyo na aming farmer partners ay hindi ito magiging matagumpay. Dito nagsisimula ang ating partnership at dito namin kayo masusubukan at ang inyong magiging responsibilidad ay ‘di dito natatapos dahil ito ay simula pa lamang,” aniya.

Sa kanyang tugon, nagpasalamat naman si Erwin Malacca, chairperson ng MBIA, sa DA PCC sa CLSU para sa mga kalabaw na kanilang natanggap. Pag-amin niya na natapos na rin ang kanilang mahabang paghihintay at nagpapasalamat siya sa matagumpay na kinalabasan ng programa. Hinimok din niya ang kanyang mga kasamahan na alagaan nang mahusay ang mga kalabaw.

Dumalo rin sa programa si John Christian Carreon, na kumatawan kay Sen. Cynthia A. Villar. Ang nasabing aktibidad ay inorganisa rin sa pakikipagtulungan ng Pamahalaang Lungsod ng Baliwag.

# SMPC, nagsanay sa produksyon ng kalabaw para sa mas pinalawak na ALAB Karbawan

Ni **Ivy Jane U. Guanzon**

***DA-PCC sa MMSU— Isang training workshop ang isinagawa ng DA-Philippine Carabao Center sa Mariano Marcos State University (DA-PCC sa MMSU) sa pakikipagtulungan ng Suyo Multi-Purpose Cooperative (SMPC) noong Oktubre 14-18, 2024 upang pagbutihin ang mga kasanayan sa pag-aalaga ng gatasang kalabaw sa mga kasaping magsasaka ng kooperatiba.***

Sa temang “Anan-Nuang: Comprehensive Training Program on Dairy Buffalo Production and Management for the Accelerating Livelihood and Assets Buildup (ALAB) Karbawan Project,” layon ng workshop na ito na bigyan ng karagdagang kaalaman at praktikal na kasanayan ang mga magsasaka para sa mas epektibong pamamahala ng kalabaw.

Nagkaroon ng lektyur tungkol sa mga kasanayan sa produksyon at mga pangunahing prinsipyo ng pag-aalaga ng kalabaw na ginanap sa SMPC training hall.

Nagkaroon din ng hands-on workshop tungkol sa tamang pangangasiwa ng kalabae tulad ng wastong paggagatas, paghahanda ng silage, pagtatanim ng forage, at pagsusuri ng kalidad ng gatas.

Ipinaabot ni Joel F. Cabading, OIC center director ng DA-PCC sa MMSU ang kanyang taos-pusong pasasalamat sa mga kasaping magsasaka at mga direktor ng SMPC para sa kanilang dedikasyon sa hamon ng pag-aalaga ng gatasang kalabaw.

“Agkakadwa tayo nga mangpadakkel kadagitoy a dingwen, tulungan dakami tapno matulungan dakayo (Magkatuwang tayo sa pagpapalaki ng mga alaga, tulungan ninyo kami upang matulungan kayo),” aniya.

Tiniyak niya na ang DA-PCC sa MMSU ay magbibigay ng buong suporta at tulong para sa pamamahala ng mga kalabaw na ipagkakatiwala sa mga kasaping magsasaka.

Bilang isang mahalagang resulta ng pagsasanay na ito, 10 kasaping magsasaka ng SMPC ang nakatakdang tumanggap ng mga kalabaw sa sandaling mapinalisa ang Memorandum of Agreement (MOA) sa pagitan ng DA-PCC sa MMSU at SMPC. Ang inisyatibang ito ay hindi lamang nagpapahusay sa mga kasanayan ng mga lokal na magsasaka kundi pinalalakas din ang pundasyon para sa napapanatiling produksyon ng gatas sa rehiyon.

Ang proyektong ALAB Karbawan ay pinondohan ng Office of the Senate Committee on Agriculture, Food, and Agrarian Reform sa pangunguna ni Sen. Cynthia Villar.

# Bukas na sa publiko ang 8th Dairy Box sa Rehiyon III

Ni **Camilla Jane Soliman**

***DA-PCC sa CLSU— CaraWow! Bukas na sa publiko ang pangwalong Dairy Box sa Rehiyon III!***

Matagumpay ang isinagawang Dairy Box turn-over ceremony ng DA– Philippine Carabao Center sa Central Luzon State University (DA-PCC sa CLSU) sa Lubao Farmers' and Fisherfolk Cooperative sa Brgy sa Sto. Tomas, Lubao, Pampanga, noong Disyembre 12, 2024.

Pinuri ni Lubao Mayor Esmeralda Pineda ang mga produktong gawa sa gatas ng kalabaw dahil sa taglay nitong sustansya na pwedeng-pwede sa mga mamimili.

Ipinahayag niya ang kanyang pasasalamat at suporta sa programa ng DA-PCC at sa inisyatiba ni Sen. Cynthia Villar. Nagpahayag din ng pag-asa ang mayor na mapanatili ng kooperatiba ang operasyon ng Dairy Box.

Ang Dairy Box ay higit pa sa isang bilihan, sumisimbolo ito ng pangako sa pagbibigay ng masustansyang pagkain, kung saan nakatutulong ito sa paghahatid ng sariwang gatas at kabuhayan sa mga magsasaka ng Lubao.

Sa kanyang pambungad na pananalita, binigyang-diin ni Dr. Ericson Dela Cruz, center director ng DA-PCC sa CLSU, na ang Lubao, Pampanga, ang may tanging Dairy Box na nilagyan ng automatic rolling gate. Kinilala rin niya ang suporta ng Municipal Mayor sa mga magsasaka ng LFFAC sa pagtatayo ng kulungan para sa kalabaw.

Nagpahayag ng kanyang pasasalamat si Dr. Jasmin Santos-Manlutac, provincial veterinarian ng Pampanga sa pagkakatatag ng Dairy Box sa Pampanga.

Ipinaabot din niya ang kanyang pasasalamat sa lahat ng bumubuo para sa tagumpay na pagkakatayo nito, na nagbibigay-daan sa mga mamimili na ma-access ang iba't ibang mga produkto na gawa sa gatas ng kalabaw.

Idinaos din ang isang ceremonial milk toast at symbolic act of unity bilang pangako sa pagsusulong ng industriya ng kalabaw.

Sa kanyang pangwakas na pananalita, nagpahayag si Vice Mayor Hon. Jay Montemayor ng kanyang pasasalamat sa sakripisyo, dedikasyon, at pagsusumikap ng lahat ng nag-ambag sa matagumpay na turnover ceremony ng Dairy Box.






# Pamamahala ng NCC, inilipat...

*Mula sa p.1*

Sa temang "Laking NCC Ako! 'Sang Dekada ng Matatag at Sama-samang Tagumpay," 60 kooperatiba mula sa iba't ibang bahagi ng bansa ang nagtipon-tipon para sa taunang selebrasyon na inorganisa ng Nueva Segovia Consortium of Cooperatives (NSCC) sa pakikipagtulungan ng DA-PCC sa Mariano Marcos State University (DA-PCC sa MMSU).

Malugod na tinanggap ni Dr. Divina Quemi,chief executive officer ng NSCC ang mga koop at binigyang-diin ang mahalagang papel ng mga kooperatiba sa tagumpay ng pagkakalabawan sa Pilipinas.
Nagpasalamat din si Dr. Quemi sa patuloy na pagbibigay ng ahensya ng mga oportunidad upang matulungan ang mga magsasaka na magkaroon ng mas mataas na kita mula sa kalabaw.

"Let this event serve as an opportunity to reaffirm old partnerships and forge new ones in our pursuit of the common good while strengthening our commitment to sustainability in the dairy industry," aniya.
Ipinaabot naman ng Executive Director III ng DA-PCC na si Dr. Liza G. Battad ang kanyang pasasalamat para sa mga nagawang sakripisyo at dedikasyon ng lahat ng mga kooperatiba sa industriya ng pagkakalabawan at sa pagpapalago nito sa nakalipas na isang dekada.

"Ang tagumpay namin ay kayo, dahil kayo ang aming inspirasyon. Huwag kayong mag-alala, habang may PCC, may NCC," ani Dr. Battad.

Samantala, hinikayat ni Joel Atendido, ang presidente ng NCISA at general manager ng Llano Farmers Multipurpose Cooperative, ang bawa't kooperatiba na tulungan at patuloy na suportahan ang mga maliliit na kooperatiba sa pagpapataas ng kanilang kita. Sa kasalukuyan, mayroong 40 kasaping kooperatiba ang NCISA, isang bagong buong grupo na naglalayong isulong ang mga interes at kapakanan ng mga negosyanteng magkakalabaw sa buong Pilipinas.

Ang nasabing kumperensya ay umabot ng tatlong araw na naglalaman ng iba't ibang mga aktibidad tulad ng entrustment ng mga gatasang kalabaw sa Suyo Multi-Purpose Cooperative sa ilalim ng ALAB Karbawan Project, at mga plenary sessions na tumatalakay sa iba't ibang paksa: Dr. Caro B. Salces, ALAB Karbawan 2019-2021 CBIN/CCDP Milestones; Dr. Edwin C. Atabay, Technologies and Innovations in Livestock Reproduction; Dr. Joel Bagain Lopez, CESO IV, Kwentong Selebrasyon at Pasasalamat sa Milk Feeding Program; at Dr. Nathaniel Alibuyog, Pagkilala't Pagpupugay: Maalab na Pagkakalabawan Isabuhay.

Lumahok din ang mga koop sa isang community tour at Cara-aralan Farmer's Field Day (FFD) na ginanap sa NSCC Agri-Tourism Farmville.

Tampok sa Cara-aralan FFD na nilahukan ng halos 190 na magkakalabaw, ang apat na demo session: proper milking methods, milk analysis, and management; artificial insemination; drone mapping, drone fertilizer application, forage production, and silage and haylage production with buro booster; at processing and development of various carabao milk products.

Nagtapos ang kumperensya sa isang general assembly meeting, kung saan inaprubahan ang bylaws ng NCISA at tinalakay ang commercialization ng Kardeli sa mga kasapi na kooperatiba. Naging opisyal na Board of Trustees ng NCISA ang mga interim na opisyal noong nakaraang taon, na patuloy na pinangungunahan ni Mr. Atendido.

Nakatakdang ganapin ang 11th NCC sa lungsod ng Kidapawan, Cotabato, sa Setyembre ng taong 2025, na iorganisa ng Sta. Catalina Multipurpose Cooperative sa pakikipagtulungan ng DA-PCC sa University of Southern Mindanao (DA-PCC sa USM).

# DA-PCC sa DMMMSU, patuloy na pinalalakas ang GIP sa pamamagitan ng bull entrustment

Nina **Maximo Peralta Jr.** at **Jamaica Villoso**




***DA-PCC sa DMMMSU— Patuloy na pinagtitibay ng DA-PCC sa DMMMSU ang implementasyon ng Genetic Improvement Program (GIP) sa pamamagitan ng pagpapaalaga ng bulugan at pagbibigay ng pagsasanay sa mga nangangalaga sa mga ito.***

Ang bull entrustment, kasama ang artificial insemination (AI), ay bahagi ng GIP ng ahensya. Layunin nitong madagdagan ang bilang ng mga purebred at crossbred na kalabaw na magbibigay ng mas maraming gatas at karne, upang makatulong sa pagpapalago ng industriya ng paghahayupan sa bansa.

Isinagawa ang isang refresher course at pagsasanay para sa mga bago at dating nag-aalaga ng mga bulugan sa Bantog, Asingan, Pangasinan noong Nobyembre 29, 2024. Pinangunahan ni Dr. Mac Erwin Perez, bull entrustment coordinator, ang pagsasanay at pagbabahagi ng kaalaman tungkol sa programa ng bull loan. Tinalakay din ni Dr. Perez ang wastong pangangalaga at pamamahala sa mga bulugan kabilang na rito ang mga kaalaman sa mga karaniwang sakit, ang pagtukoy ng mga senyales ng paglalandi, at kung kailan ang tamang panahon sa pagpapapalahi at ang wastong pagtatala ng mga datos.

Ayon kay Olivia Palazo, magkakalabaw at village-based AI-technician, gagamitin niya ang ipagkakatiwalang bulugan sa mga kalabaw na hindi pa mabuntis makalipas ang tatlong pagsusumpit.

Pinaliwanag naman ni Dr. Perez na ang pangunahing benepisyo ng paggamit ng bulugan ay mapapadali nito ang pagtuklas ng mga kalabaw na naglalandi.

Higit pa rito, ang natural na paggamit ng bulugan sa pagpapalahi ay magbubunga ng 70% na pagbubuntis. Naunang ipinagkatiwala ni Dr. Perez ang tatlong Brazilian and Bulgarian Murrah Buffaloes sa mga bull handlers na sina Raul Nucasa at Consolacion Estocapio mula sa Naguilian, La Union at Eiron Cabural ng Rosales, Pangasinan noong Nobyembre 22, 2024.

“May karanasan na ako sa pagkakaroon ng bull at fortunately nakapag-produce iyon ng 75 na bulo at ang required na bilang ng bulo sa aking pagkaaalala ay 25 lamang," sabi ni Raul. Pinaliwanag din nito na ibinenta niya ang kanyang dating bulugan dahil sa marahas nitong pag-uugali, na hindi niya kinayang inalagaan kinalaunan.

Maaaring kumita rin sa pag-aalaga ng mga bulugan, dahil ang gastos sa bawa''t serbisyo nito ay nagkakahalaga ng PHP 500.00.

“Maraming naghihintay na magpabulugan, nagtatanong sa akin kung kailan darating yung bulugan. Sa mga susunod na araw, tuloy-tuloy ang pagpapabulugan sa aming lugar at sa ibayong barangay ay siguradong pupuntahan ulit nila ako para ipabulugan ang kanilang mga kalabaw,” dagdag pa ni Raul.

Ipinahayag naman ni Consolacion na siya ay humiling ng bulugan upang matupad ang pangarap ng kanyang apo na dumami ang produksyon ng kanilang gatas mula sa 23 na gatasang kalabaw.

Ngayon, mayroong 24 na pinapa-alagaang bulugan ang DA-PCC sa DMMMSU at humigit-kumulang 60 na bulo ang na naprodyus ng mga aktibong hayop sa pagpapalahi.

# 50 kalabaw, ibinahagi sa mga magsasaka...

*Mula sa p.1*

programa sa nutrisyon lalo na ng mga batang mag-aaral. . Tiniyak din ng alkalde ang kanyang buong suporta para sa Coconut Carabao Development Project (CCDP).

Nagbigay ng lektyur si Direktor Gabunada Jr. tungkol sa CCDP at mga importansya ng kalabaw bilang isang magandang kabuhayan, lalo na sa mga maliliit na magsasaka.

Pinasalamatan din ni Direktor Gabunada Jr. ang lokal na pamahalaan ng Baybay, PCA, kay Senador Cynthia Villar dahil naging daan sila upang kumita ang mga magsasaka sa pamamagitan ng gatas ng kalabaw.

Ibinahagi rin ni Direktor Gabunada na ang DA-PCC ay magbibigay ng tulong sa mga programang pagsasanay upang bigyan ng kaalaman ang mga lokal na magsasaka upang mapabuti ang produktibidad, tiyakin ang kapakanan ng hayop, at mapahusay ang kanilang pangkalahatang kabuhayan.

Natapos ang ceremonial turnover sa pamamagitan ng pagpirma ng isang Memorandum of Agreement (MOA) na simbolo ng simula ng isang makabuluhang pagtutulungan sa pagitan ng mga magsasaka sa Brgy. Magahan, PCA, at DA-PCC.








# Carabao dev't project sa tahanan ng 'Hundred Islands'

Ni **Maximo Peralta Jr.**

***DA-PCC sa DMMMSU—Nakatanggap ang Alaminos City Carabao Raisers Association (ACCRA) ng San Roque, Alaminos City, Pangasinan ng 25 gatasang kalabaw sa ilalim ng programang Carabao-based Business Improvement Network (CBIN) noong Nobyembre 27, 2024.***

Ang Alkalde ng lungsod na si Arth Bryan Celeste ay nagpahayag ng kanyang pasasalamat na napili ang kanilang lungsod bilang benepisyaryo ng programa. Nabanggit din ng alkalde na ang pagkakalabawan, ang kabuhayan na may magandang epekto sa buhay ng mga magsasaka at mga stakeholders, ay ang parehong pangkabuhayan na makapagbabago sa buhay ng mga magkakalabaw ng Pangasinan.

"May pera sa pagkakalabawan at sana itong programa ay malaki ang maitutulong sa inyo," aniya.

Sa isang video message, ibinahagi ni Senator Cynthia Villar, chair ng Senate Committee on Agriculture, Food, and Agrarian Reform, ang mga benepisyo ng gatas ng kalabaw.

"Kilala ang mataas na sustansya ng gatas ng kalabaw at natutuwa ako na ang programang ito ay nagbibigay ng mas magandang nutrisyon sa ating kabataan gayundin ang tuluy-tuloy na oportunidad sa kita at sa ating mga magsasaka," saad niya.

Noong 2023, ang DA-PCC sa Don Mariano Marcos Memorial State University (DMMMSU) ay nakatanggap ng PHP10 milyon para sa pagpapatupad ng Carabao Development Program, at ang Alaminos City ay napili bilang isa sa mga tumanggap dahil sa matagumpay na pagganap ng manunumpit sa nasabing lugar at ang solidong suporta at pamumuno ng local chief executive.

"Nakita namin ang isang napakasabik na village-based AI technician, si Olivia Palazo, na pinarangalan bilang Huwarang Juana para sa kanyang huwarang pagganap sa mga serbisyo ng AI noong 9th National Carabao Conference, at nang makipag-ugnayan sa lokal na punong alkalde ng lungsod, nakita namin ang kanyang interes sa pagsuporta ng programa," ani ni Paul Andrew Texon, pinuno ng operasyon ng DA-PCC sa DMMMSU.

Ang City Government Unit ng Alaminos ay nangakong magbibigay ng lote para sa processing at marketing outlet, na matatagpuan sa Lucap, Alaminos City, Pangasinan, ang gateway sa Hundred Islands. Ang City Veterinarian na si Dr. Ronald Abara ay nangako rin sa pagbibigay ng karagdagang PHP1 milyon na pondo kada taon upang suportahan ang proyekto.

"Ang Lucap ay ang sentro ng ating turismo. Kaya mas lalong pinapangalagaan ang Hundred islands para kapag naitayo na ang ating Dairy Box, mas marami kayong benta, mas marami kayong mga customers," ani ng alkalde. Hinimok din niya ang mga benepisyaryo na pangalagaan ang proyektong ibinibigay ng national at lokal na pamahalaan at umaasa na ito ay uunlad dahil ang tagumpay nito ay lubos na nakasalalay sa kanila.

Tinanggap ni Olivia Palazo, presidente ng ACCRA, ang pagkakataon at hinimok ang kanyang mga miyembro na maging mahusay sa pagnenegosyo ng kalabaw sa pamamagitan ng sipag, tiyaga, at dedikasyon.

"Huwag nating sayangin ang oportunidad na ibinigay sa atin, ito ang magiging hanapbuhay natin na pwedeng ipamana sa ating mga anak," dagdag pa niya.

Ang pagtatayo ng Dairy Box outlet ay inaasahang magsisimula sa unang bahagi ng susunod na taon.

Ang DA-PCC sa DMMMSU ay nagbigay ng dairy buffalo production at management training sa ACCRA noong ika 16-18 ng Oktubre, 2024. Nagsagawa rin sila ng farm tour sa Bantog, Asingan, Pangasinan upang mas maunawaan at pahalagahan ang negosyong kanilang sisimulan.

Ang proyekto ng CBIN ay pinasimulan at pinondohan ni Senator Villar simula noong 2019 na may konsepto ng isang kumpletong dairy enterprise value chain mula sa produksyon, pagproseso, at merkado.

## Guieb Farm Training and Assessment...

*Mula sa p.1*

institusyon o programa ay sumusunod sa mga competencies at patnubay na itinakda ng TESDA para magbigay ng training at assessment services.

Si Lodivico Guieb Sr., ang may-ari ng farm sa Brgy. Ayos Lomboy, Guimba, Nueva Ecija, ay isang certified trainer matapos sumailalim sa National TVET Trainers Certificate Level I (NTTC I) para sa Animal Production (Ruminants) NC II. Ito ay isa sa mga kinakailangang kwalipikasyon ng TESDA upang matiyak ang de-kalidad na pagtuturo at pagsasanay sa teknikal at bokasyonal na edukasyon.

Sa kabila ng mga tagumpay ni Lodivico sa pag-aalaga ng kalabaw at pagiging eksperto sa produksyon ng gatas, patuloy siyang nagsusumikap upang matupad ang kanyang mga pangarap—isa sa mga dahilan kung bakit ipinagpatuloy niya ang aplikasyon para sa TESDA program accreditation.

Ayon kay Lodivico, hindi naging madali dahil puno ng hamon ang kanyang pinagdaanan bago maging TESDA-accredited. Aniya, mahirap ang proseso ng pag-aayos ng mga kinakailangang dokumento at pagtugon sa mga hinihinging requirements para sa accreditation. Gayunpaman, sa tulong ng DA-Philippine Carabao Center sa Central Luzon State University (DA-PCC sa CLSU), matagumpay niya itong nalampasan.

"Napakahirap ng proseso para sa mga training regulations dahil hinanapan ako ng sukat para sa mga pasilidad tulad ng library, lecture room, receiving area, storage room, at kitchen, lahat ng ito ay kailangang maipakita," aniya. Ang PCC at CLSU ay naging katuwang ni Lodivico sa pagsasakatuparan ng mga pangangailangan na hindi niya kayang tugunan mag-isa. Agad niyang naisip si Dr. Ericson N. Dela Cruz, center director ng PCC at CLSU, at humingi ng tulong. Sa kanyang paglapit, mabilis siyang nakatanggap ng suporta mula sa ahensiya at kay Dr. Dela Cruz, na kaagad umaksyon sa kanyang mga ibinahaging problema.

Nagbigay din siya ng mensahe para sa mga nais magpa-certify, aniya, makipag-ugnayan sa departamento ng TESDA upang malaman ang mga tamang hakbang na dapat sundin at humingi ng mga impormasyon tungkol dito.

# Matuto sa CARA ARALAN FARMERS' FIELD DAY

Nina **Loui Jee Huelar** at **Jeson Candole**

Ang Cara-Aralan Farmers' Field Day (CFFD) ay isang maigsi na bersyon ng Farmer Field School na pinasimulan ng Food and Agriculture Organization (FAO) na nakatuon sa pagbibigay ng mga kasanayan sa mga magsasaka na gumamit ng mga makabagong teknolohiya na naglalayong pataasin ang produktibidad at kakayahang kumita mula sa gatas ng kalabaw.

### Farmers' Field Day sa San Juan, Siquijor

Noong Oktubre 23, 2024, nagkaroon ng CFFD sa San Juan, Siquijor sa ilalim ng temang "Kwento at Kwenta ng Tagumpay."

Isinalaysay ni Corazon Badie, pioneering carapreneur mula sa Cadiz City, Negros Occidental kung paano nabago ng gatas ng kalabaw ang buhay ng kanyang pamilya. Binigyang-diin niya ang potensyal ng gatasang kalabaw bilang isang mapagkukunan ng kita. Saad niya, "Ang buhay bilang isang carapreneur ay hindi madali, nguni't ang aking hindi natitinag na pagpupursige ay humubog sa kung sino ako ngayon."

Ibinahagi rin ni Randy Florentino mula sa Murcia, Negros Occidental, ang kanyang kadalubhasaan sa sustainable dairy buffalo farming. Binigyang-diin ni Randy na ang forage at feed production ay mahalaga sa sustainable livestock management at ipinaliwanag niya na ang pagkilatis ng ipapakain at epektibong mga kasanayan sa pagpapakain ay mapahuhusay ang kalusugan at produktibidad ng mga hayop.

Itinampok din sa kaganapan ang mga hands-on na aktibidad na nakatulong sa mga kalahok na matuto ng pagpoproseso ng gatas. Sa gabay ng DA-PCC sa La Carlota Stock Farm (DA-PCC sa LCSF) Food Safety Compliance Officer Louie Jee Huelar, natutunan ng mga kalahok kung paano gumawa ng strawberry-flavored pastillas gamit ang gatas ng kalabaw. Mahigit 100 na magsasaka mula sa iba't ibang munisipalidad ng Siquijor ang nakiisa sa pagsasanay na ito.

### Farmers' Field Day sa Bukidnon

Mahigit 90 magsasaka mula sa iba't ibang munisipalidad at lungsod sa Bukidnon ang lumahok sa Cara-Aralan Farmers' Field Day (FFD) noong Oktubre 17 para isulong ang kanilang kaalaman at kasanayan sa animal nutrition at feeding technologies.

Malugod na tinanggap ni DA-Philippine Carabao Center sa Central Mindanao University (DA-PCC at CMU) Center Director Dr. Lowell Paraguas ang mga kalahok at nagpahayag ng kanyang pasasalamat sa Munisipyo ng Don Carlos, Bukidnon, sa pangunguna ni Mayor Ma. Victoria Pizarro, para sa patuloy na suporta nito sa mga lokal na magsasaka, partikular sa mga carapreneurs.




"Ang epektibong paggawa ng forage ay nagsisimula sa pagpili ng halaman na angkop sa mga lokal na klima at uri ng lupa na maaaring mag-optimize ng nutritional value," saad ni Charity Castillo, science research specialist I ng Production Systems and Nutrition Section (PSNS) ng DA-PCC.

Si Dr. Phoebe Lyndia Llantada, Science Research Specialist II mula rin sa PSNS ng DA-PCC ay nagbigay ng mahahalagang pananaw sa mga epektibong diskarte sa pagbuburo at tamang gawi sa pagpapakain upang matiyak ang kalusugan at produktibidad ng mga alagang hayop.

"Ang paggawa ng silage ay hindi lamang isang paraan ng pag-iingat ng forage, ito ay isang estratehikong diskarte na nagpapahusay sa nutrisyon ng mga hayop, nagpapababa ng mga gastos, at sumusuporta sa napapanatiling mga kasanayan sa agrikultura," sabi ni Dr. Llantada.

Ang mga kalahok ay nakibahagi sa mga hands-on na aktibidad upang malaman ang tungkol sa mga pinakabagong inobasyon mula sa DA-PCC. Inisa-isa nila ang mga diskarte para sa ensiling, pag-iimbak, at paggawa ng mataas na kalidad na feed gamit ang mga makabagong teknolohiya tulad ng Blockmate at Buro Booster.

Si Elma Ormillo, isa sa mga kalahok ay nagpahayag ng kanyang pasasalamat sa DA-PCC para sa pagbabahagi ng mahahalagang kasanayan at pinahusay na pamamaraan sa pagpapakain at pamamahala ng forage na inilaan para sa malalaking ruminant.

"Nais naming samantalahin ang pagkakataong ito para sabihing "Daghang Salamat" sa DA-PCC at LGU-Don Carlos sa pagbibigay sa amin ng mabisang pagsasanay na ito. Bilang isang magsasaka, nasasabik akong ibahagi ang mga bagong kaalaman na aking natamo sa aking mga kapwa magsasaka sa aming barangay," masayang pagbabahagi ni Ormillo.



**"Sa pamamagitan ng pag-aalaga ng kalabaw, kumikita na kami ngayon ng hindi bababa sa PHP30,000 bawa't buwan, na may dalawang beses sa isang araw na paggagatas—higit pa sa PHP150 na dati naming kinikita para sa isang buong araw na pagtatrabaho sa bukid."**




**"Ang isang kaganapang tulad nito ay nagbibigay ng isang natatanging pagkakataon para sa hands-on na pag-aaral at pagbabahagi ng kaalaman, pagpapaunlad ng pagbabago at pakikipagtulungan sa loob ng ating pamayanang agrikultural. Ang mga workshop at demonstrasyon na lalahukan mo ngayon ay idinisenyo hindi lamang para iangat ang iyong mga kasanayan kundi para mapahusay din ang pagiging produktibo at pagpapanatili sa aming mga kasanayan sa pagawaan ng gatas,"**

# Kilalanin si Super KAI at ang kapangyarihan ng AI!

Nina **France Joseph Pascual** at **Don Miguel Capariño**

Kung mababa ang kahusayan sa artificial insemination (AI), mababa rin ang produksyon ng gatas. Kaya naman, kilalanin ang isang kAIbigan na tutulong magbigay ng solusyon-si Super KAI! Ang inyong kAIbigan para sa pagsulong ng mas pinasiglang pagkakalabawan sa Bagong Pilipinas.

Base sa pinakahuling tala ng Philippine Statistics Authority, nasa 2.7 milyon ang kalabaw sa Pilipinas na ginagamit bilang lakas pantrabaho, gatas, karne, at balat. Mula 2019 hanggang 2023, naglalaro lang sa 27,000 na bulo ang naipapanganak kada taon, mas kaunti kumpara sa bilang ng kalabaw na kinakatay. Ayon kay DA-PCC National AI and Bull Entrustment Coordinator Dr. Edwin Atabay, ang mababang bilang na ito ay dahil sa kakaunting gatasang kalabaw na ipinanganak gamit ang AI o natural mating, mahabang calving interval dahil sa postpartum anestrous, at kakulangan sa pakain lalo na sa panahon ng tag-init.

Isa ring malaking balakid ng industriya ng pagkakalabawan ang mababang kahusayan sa AI na naglalaro lamang sa 28% na efficiency mula 2019 hanggang 2023. Kahit tumataas ang AI services ng ahensya sa limang taong nagdaan, hindi pa rin ito sumasapat sa mababang bilang ng bagong AI technicians at iilan lang din ang tumutuloy sa mga advanced trainings.

Ang OMK! o Oh, mAI Kalabaw! Campaign ay isang proyektong isinasagawa ng Strategic Communication Section ng Knowledge Management Division (KMD) upang palaganapin ang Carabao Upgrading Program ng DA-PCC gamit ang AI para pataasin ang populasyon ng mga kalabaw na may mataas na lahi.

Ang AI ay isang paraan ng pagpapalahi ng kalabaw, na isinasagawa ng isang sinanay na technician, kung saan ang semilya ay idinedeposito o inilalagay sa bungad ng matres ng inahing kalabaw sa pamamagitan ng instrumento at hindi sa tulong ng bulugan. Isa itong pamamaraan upang mas maparami ang mga kalabaw na nagtataglay ng magagandang katangian.

### OMK! sa Mindanao

Opisyal na inilunsad ng DA-Philippine Carabao Center (DA-PCC) ang kauna-unahang #OhmAIKalabaw! (OMK!) Activation Program sa President Quirino, Sultan Kudarat noong Oktubre 3, 2024 sa pag-asang mapabuti ang produksyon ng bulo at gatas sa buong bansa sa pamamagitan ng AI.

Mahigit 200 magsasaka ng kalabaw at AI technician mula sa munisipyo ang nakilahok sa naturang kampanya.

Sa pangalawang pagkakataon, inilunsad ang OMK sa Brgy. Midtapok, Lambayong, Sultan Kudarat, noong Disyembre 12, 2024.

Mahigit isang daang mga magkakalabaw at AI technician mula sa iba't ibang barangay ng munisipalidad ng Lambayong ang dumalo sa kaganapan.

### OMK! sa Visayas

Idinaos kamakailan ng DA-Philippine Carabao Center (DA-PCC) ang ikalawang yugto ng #OhmAIKalabaw nito! (OMK!) Kampanya sa Capiz, na direktang naghahatid ng mga benepisyo ng teknolohiyang artificial insemination (AI) sa mga magsasaka at technician ng kalabaw.

Ang kampanya, na isinagawa noong Oktubre 29-30, 2024 ay umabot sa mga komunidad sa mga barangay ng Binuntucan, Pontevedra, at Mainit, Cuartero, na naglalayong pataasin ang kamalayan ng mga magsasaka sa AI bilang isang tool sa reproductive technology para sa pag-upgrade ng lahi ng mga kalabaw at maaasahang kita. source para sa mga magsasaka at AI technician.

Inilunsad ng DA Philippine Carabao Center (DA-PCC), sa pakikipagtulungan ng DA-PCC sa West Visayas State University (WVSU), ang pangalawang #OhmAIKalabaw (OMK!) Activation Program sa Brgy. Binuntucan, Pontevedra, Capiz, ngayong araw, Oktubre 29, 2024.

May kabuuang 180 dumalo, na binubuo ng mga magsasaka ng kalabaw, AI technician, at iba't ibang kooperatiba sa industriya ng kalabaw, ang dumalo sa aktibidad.

### OMK! sa Luzon

Sa kabila ng makulimlim na panahon, matagumpay na natapos ng DA-PCC ang kampanyang #OhmAIKalabaw sa lalawigan ng Isabela noong Disyembre 18-19.

May kabuuang 121 kalabaw na magsasaka at AI technician mula sa Brgy. Usol, Jones at Brgy. Ang Bagong Sikat, Naguilian ang dumalo.

Ang mga Development Officers na sina Celso G. Quinet at Benedicto B. Blanza ang ang nagbigay ng lektyur sa pinakamahuhusay na kagawian para sa pagproseso ng gatas at mga estratehiya upang mapahusay ang AI. Kinilala sina Marvin John Fariñas mula sa Jones at Angelo Bedania mula sa Naguilian bilang pinakamahusay na AI practitioners.

**Ang OMK! o Oh, mAI Kalabaw! Campaign ay isang proyektong isinasagawa ng Strategic Communication Section ng Knowledge Management Division (KMD) upang palaganapin ang Carabao Upgrading Program ng DA-PCC gamit ang artificial insemination (AI) para pataasin ang populasyon ng mga kalabaw na may mataas na lahi.**








Abangan sa susunod na isyu:

Ika-32nd anibersaryo ng DA-PCC

Cara-Aralan Webinar Series

# Magkakalabaw, may abogado nang anak!

Ni **Ma. Cecilia I. Mariano**

***Magpapaskong may abogadong anak ang mag-asawang carapreneurs na sina Gracia at Rolly Mateo Sr. ng Asingan, Pangasinan.***

Kwento ni Rolly, walang mapagsidlan ang tuwa niya nang makarating sa kanya ang balitang pumasa sa 2024 Philippine Bar Examination ang kanyang anak na si Yvette. Dali-dali siyang umuwi ng kanilang bahay upang personal na makita ang resulta at mabati ang kanyang anak.

"Bata pa lang po si Yvette pangarap na niyang maging abogado. Palagi niyang ipinagtatanggol ang mga kapatid niya sa tuwing may mangungutya sa kanila. Noon pa lang ay napansin ko nang katangian na talaga niya ang maging tagapagtanggol ng mga nangangailangan," wika ni Rolly. Pang-apat sa anim na magkakapatid, nakapagtapos ng Juris Doctor o Doctor of Law si Yvette noong 2023 sa University of the Cordilleras.

"To be part of the legal profession po is a privilege. Every time I imagine myself na may matutulungan ako in the future kapag abogado na po ako, parang nawawala po 'yong thought na 'nahihirapan na ako' noong time na nag-aaral po ako. The title of being an attorney comes with great responsibility. Kaya I pray that the Lord continues to give me courage and wisdom po para maging effective na abogado," pagbabahagi ni Atty. Yvette.

Naging prinsipyo na ng pamilya Mateo ang pagtulong sa kapwa lalo na sa mga kapos-palad sa kanilang komunidad dahil sa mahabang panahon, anila, ay naranasan nila ang sobrang kahirapan. Kaya naman para sa kanila, hindi dapat mag-alinlangan ang sinuman na magsimulang tumulong kahit sa maliliit na bagay dahil kapag nasundan ito ng marami pang tulong mula sa iba ay malaki ang magiging katumbas at epekto nito kapag pinagsama-sama.

Buong-puso namang ipinagpapasalamat ni Rolly ang naging tagumpay na ito sa mga gatasang kalabaw na ipinagkatiwala sa kanya ng DA-Philippine Carabao Center (DA-PCC).

"Iyong makapagtapos sila ng pag-aaral ay labis na kaligayahan nang maituturing bonus na lang din po na nakakapasa sila sa mga ganitong exam. Ito po talaga ang ipinagmamalaki kong tagumpay sa pagkakalabaw. Noong nafeature ako sa magazine ng DA-PCC dati, sinabi ko doon na galing sa pagkakalabaw ang ipinampaaral ko sa kanila. Proud carapreneur po ako!," masayang sambit ni Rolly.
Sumang-ayon naman si Atty. Yvette na dahil sa pagkakalabaw kaya nasuportahan ang pag-aaral nilang magkakapatid.

"Blessing po samin 'yong negosyong kalabawan. I believe po that God acted through PCC to help us achieve this dream," ani Atty. Yvette.

Isa si Rolly sa napahiraman ng isang buntis na gatasang kalabaw ng DA-PCC sa Don Mariano Marcos Memorial State University (DA-PCC sa DMMMSU) noong 2007, na itinuturing niyang hudyat sa pagbabago ng kanilang buhay.
Hindi nagtagal, nabigyan ulit siya ng isa pang kalabaw dahil sa sigasig niya sa pag-aalaga.

Mula sa dalawa, naparami na niya ito sa tulong ng kanyang pamilya, teknolohiya, at wastong pag-aalaga at pamamaraan sa pagpapalahi. Ngayon ay mayroon na silang mahigit 70 kalabaw na inaalagaan.






> **"Ngayon pong pasado na ako sa bar exam, because of God's grace, I am reminded po of why I enrolled law in the first place. Gusto ko pong magsilbi para sa mga underprivileged because I know how it feels like to barely survive a day. And it is our family's dream to help those struggling po. All for God's glory,"**

"Salat po talaga kami sa pera noon, isa o dalawang beses lang kaming kumain. Nakikipasada lang ako at nakikisaka noon tapos PHP200 lang ang kinikita sa isang araw. Paano namin 'yon mapagkakasya sa anim na anak? Napakaimposible na mapag-aral namin silang lahat. Hanggang sa dumating ang programa ng DA-PCC na nagbigay sa'min ng pag-asa at nag-ahon sa'min sa kahirapan," pagbabalik tanaw ni Rolly.

Dagdag pa niya, ang dating imposible ay naging posible dahil sa biyaya ng Diyos sa pamamagitan ng negosyong salig sa kalabaw. Ngayon, dalawang anak na lang ang natirang pinag-aaral nila na parehong kumukuha ng kursong veterinary medicine. "Biyaya mula sa Diyos" kung ituring ni Rolly ang nasumpungang kabuhayan sa pag-aalaga ng kalabaw at mga kaakibat na tagumpay na dala nito. Kaya naman ang payo niya para kay Yvette ay magsilbing biyaya rin sa iba sa pamamagitan ng pagtulong na maibigay ang nararapat na hustisya sa mga nangangailangan.

## Patnugutan

**Patnugot** | ROWENA S. GALANG, MA. CECILIA I. MARIANO

**Tagapamahalang Patnugot** | RONALINE C. CANUTE

**Mga Manunulat** FRANCE JOSEPH PASCUAL, DON MIGUEL CAPARIÑO, LOUI JEE C. HUELAR, JESON C. CANDOLE, CAMILLA JANE A. SOLIMAN, CRIS ANTONETTE BACCAY, MAXIMO PERALTA JR., JEREMIE MARINELLA S. LEDESMA, IVY JANE GUANZON, SUNSHINE T. SABIDALAS, JAMAICA VILLOSO

**Layout at Ilustrasyon** REI-MAR D. AGUINALDO

**Tagapamahala sa Sirkulasyon** RONALINE C. CANUTE, FRANCE JOSEPH O. PASCUAL

**Tagapayo** LIZA G. BATTAD

CaraBalitaan

Department of Agriculture PHILIPPINE CARABAO CENTER CERTIFIED:ISO 9001 | ISO 14001 | ISO 45001

*Ang **CaraBalitaan** ay isang pahayagan ng Department of Agriculture-Philippine Carabao Center (DA-PCC) na inilalathala apat na beses sa isang taon para sa mga kliyente nitong magsasakang maggagatas mula sa National at Regional Impact Zones. Naglalaman ito ng mga balita, istorya ng tagumpay, natatanging mga gawain at modernong teknolohiya na may kinalaman sa pag-aalaga at paggagatas ng kalabaw.*

*I-scan ang mga sumusunod na QR code upang makita ang iba pang babasahin ng DA-PCC at mabisita virtually ang DA-PCC National Headquarters at Gene Pool.*

K-Portal

*Ang Knowledge Portal o K-Portal ay nagsisilbing e-platform na daluyan ng iba't ibang knowledge products mula sa Knowledge Management Division ng DA-PCC.*

DA-PCC Virtual Tour

*Maaari naring silipin ang aming National Headquarters at Gene Pool para malaman ang iba't ibang pasilidad at mga serbisyong hatid ng ahensya sa pamamagitan ng isang virtual tour.*